
# San Francisco Sugary Drinks Distributor Tax (SDDT)

## ULAT NG PAGTATAYA 2022–2023
## PANGKALAHATANG BUOD



PREPARED BY:
raimi+ associates

# Pangkalahatang Buod

**SAN FRANCISCO'S SUGARY DRINKS DISTRIBUTOR TAX (SDDT)**

Nooong Nobyembre 2016, ipinasa ng mga botante sa San Francisco ang Proposition V, isang buwis sa pamamahagi ng mga inuming pinatamis ng asukal. Ang Proposition V ay nagtatag ng isang sentimo kada onsa ng fluid na bayad sa pamamahagi ng mga inuming pinatamis ng asukal, syrup, at pulbos sa loob ng Lungsod at County ng San Francisco; kung saan nagkabisa noong Enero 1, 2018.

**NOONG FY 2022–23,**

**72,981 tao** (sa pinakamababa) ang lumahok sa mga programang ginawaran ng pondo ng SDDT

\+

**23,007 estudyante** ang naka-enrol sa mga eskuwelahang suportado ng mga pondo ng SDDT (46% ng lahat ng naka-enrol ay mga estudyante ng SFUSD)

Hindi bababa sa **8% ng mga BIPOC San Franciscan (at posibleng kasing taas ng 13%)** ang lumahok sa programang pinondohan ng SDDT noong FY 2022-23[1]

**86% ng kalahok sa programang pinondohan ng SDDT** ay naniniwala na ang mga inuming may idinagdag na asukal ay maaaring makapinsala sa kanilang kalusugan.

Mula nang lumahok sa programang pinondohan ng SDDT, **81% ng lahat ng kalahok ngayon ay mas madalas nang umiinom ng tubig.**

Noong FY 2022-23, 430 tao ang binayaran gamit ang mga pondo ng SDDT bilang mga kawani o posisyong may stipend:

91% ng mga taong ito ay BPOC kumpara sa 72% ng mga empleyado ng Lungsod & County ng San Francisco

80% ay mga residente ng San Francisco kumpara sa 42% ng mga empleyado ng Lungsod & County ng San Francisco

**Ang ulat ay nakaayon sa 2020-2025 SDDTAC Strategic Plan (para sa higit pang impormasyon, mangyaring tingnan ang www.sf.gov/sddtac).**

1. Ang pagkalkula na ito ay ginawa sa pamamagitan ng paghahati sa kabuuang bilang ng kalahok ng BIPOC ng SDDT noong FY 2022-23 sa kabuuang bilang ng mga residente BIPOC sa lungsod. Ang mga datos sa demograpiko ng antas ng populasyon aymula sa U.S. Census Bureau's American Community Survey 5-Year Estimates 2017-2021.

# Pangkalahatang-ideya ng mga Natuklasan

**Ang sumusunod na mga natuklasan sa pagtataya ay binuo para sa pagpopondo ng SDDT sa Fiscal Year 2022–2023 (FY 2022–23), na kabilang ang Hulyo 1, 2022 hanggang Hunyo 30, 2023.**

**Natuklasan 1:** Sa loob ng nakalipas na limang taon, ang mga kita sa SDDT ay pinuhunan sa priyoridad na mga populasyon at lugar na pinaka-target ng industriya ng inumin.

**Natuklasan 2:** Sa loob ng nakalipas na limang taon, ang mga pamumuhunan ng SDDT ay nagpabilis sa mga pagbabago sa istruktura at sistema, lalo na sa pagkakaroon ng masustansiyang pagkain.

**Natuklasan 3:** Sa loob ng nakalipas na limang taon, napabuti ng pamumuhunan ng SDDT ang mga kultural na kaugalian kaugnay sa pag-inom ng mas maraming tubig, pag-inom ng mas kakaunting matatamis na inumin, at pagtaas ng pagkonsumo sa prutas at gulay.

**Natuklasan 4:** Ang mga pamumuhunan ng SDDT ay nagpataas sa mga oportunidad sa ekonomiya at nagpalakas sa pamumuno ng residente sa loob ng mga komunidad na pinaka-pinahirapan ng mga hindi pagkapantay-pantay.

Ang VideoVoice ay isang participatory approach sa pagkukuwento na pinagsasama ang mga salita at larawan. Panoorin ang mga buong video sa www.sodatax-sf.org/data-overview/#videovoice o i-scan ang QR code sa ibaba.

> **"Ang pinakamahalagang bahagi ng gawain na aming ginagawa ay ang pagbibigay ng pangalawang pagkakataon sa dating mga nabilanggong indibidwal. Ang paglabas, pagsisimulang muli, paghahanap ng trabaho, paghahanap ng mga oportunidad ay mahirap. Para sa Farming Hope na magbibigay sa atin ng mga oportunidad, ito ay napakalaki at nakapagpapabago ng**

# Mga Rekomendasyon




1. Patuloy na hikayatin ang mga taga-San Francisco na uminom ng tubig mula sa gripo (lalo na sa mga populasyon na walang pakialam sa kaligtasan ng tubig mula sa gripo).
2. Patuloy na pataasin ang kamalayan tungkol sa mga negatibong epekto ng matatamis na inumin at mabawasan ang pagkonsumo ng SSB, lalo na sa priyoridad na mga populasyon at lugar.
3. Tiyaking ang pagpopondo ng SDDT ay nagtataguyod ng mga pagbabago sa mga polisiya at istruktura na humihikayat sa mga aktibong pamumuhay at pisikal na aktibidad.
4. Patuloy na suportahan ang mga pagsisikap na mabawasan ang hindi pagkapantay-pantay sa mga resulta ng kalusugan sa bibig.
5. Suportahan ang mga residente mula sa priyoridad na mga populasyon ng mga oportunidad sa ekonomiya at pamumuno.
6. Suportahan ang mga entidad na pinopondohan ng SDDT para tumaas ang kanilang kapasidad na mangalap ng mga demograpikong datos ng kalahok.
7. Patuloy na suportahan ang mga pagsisikap sa pagtataya ng SDDT.
8. Hikayatin ang paggamit ng braided funding upang magamit ang mga pondo ng SDDT para magkaroon ng mas malaking epekto.
9. Tiyaking magpatuloy ang SDDT Advisory Committee (SDDTAC) kahit lampas pa sa kasalukuyang 2028 na katapusang petsa.
10. Ibahagi sa iba pang mga lungsod ang pinakamahuhusay na kagawian, mga aral na natutuhan, at kinalabasan ng pagtataya mula sa San Francisco SDDT upang maitampok kung paano ang mga lokal na buwis sa matatamis na inumin ay maaaring suportahan ang pagkapantay-pantay sa kalusugan.

# San Francisco Sugary Drinks Distributor Tax (SDDT)

## ULAT NG PAGTATAYA 2022–2023
## PANGKALAHATANG BUOD

PREPARED BY:

raimi+ associates

SodaTax-SF.org | sf.gov/sddtac